S. No. 1659
H. No. 3323

Republika ng Pilipinas

Konggreso ng Pilipinas

Metro Manila

Unang Regular na Sesyon

[BATAS REPUBLIKA BLG. 9499]

ISANG BATAS NA NAGPAPAHINTULOT SA MGA BETERANO NG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG NA PATULOY NA TUMANGGAP NG MGA PENSIYON AT MGA BENEPISYO MULA SA PAMAHALAAN NG PILIPINAS KAHIT NA MAY KATULAD NA MGA PENSIYON AT BENEPISYO NG IPINAGKAKALOOB ANG PAMAHALAAN NG ESTADOS UNIDOS, SA GAYO'Y SINUSUSUGAN ANG BATAS REPUBLIKA BLG. 6948, GAYA NANG PAGKASUSOG.

Pagtibayin ng Senado at ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas na nagkakatipon sa Konggreso :

SEKSION 1. *Maikling Pamagat*. – Ang Batas na ito ay kikilalaning "2008 Batas tungkol sa mga Pensiyon at Benepisyo ng mga Beteranong Pilipino ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig."

SEK. 2. *Paghahayag ng Patakaran*. - Patakaran ng Estado na kilalanin at gantimpalaan ang katapangan at kabayanihan ng mga beteranong Pilipinop ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga ito ng mga pensiyon at mga benepisyo kahit na

may katulad na mga pensiyon at mga benepisyong ipinagkakaloob na ang Pamahalaan ng Estados Unidos.

SEK. 3. Susog *sa Seksiyon 10 ng Batas Republika Blg. 6948, gaya nang Pagkasusog.* – Ang Seksiyon 10 ng Batas Republika Blg. 6948, gaya nang pagkasusog, ay sinusugan pa at babasahin gaya nang sumusunod:

> "SEK. 10. *Sino ang Karapat-dapat.* - Ang isang beteranop gaya nang binibigyang-katuturan sa Seksiyon 2(a) ng Batas na ito na hindi kukulangin sa animnapu't limang (65) taon ay babayaran ng pensiyong Limang libong piso (P5,000.00) buwan-buwan habang nabubuhay, maliban kung siya ay aktuwal na tumatanggap ng katulad na pensiyon sa katulad na dahilan mula sa ibang pondo ng pamahalaan."

SEK. 4. Susog sa *Seksiyon 11 ng Batas Republika Blg. 6948, gaya ng Pagkasusog.* – Ang Seksiyon 11 ng Batas Republika Blg. 6948, gaya nang pagkasusog. ay sinusugan pa at babasahin gaya nang sumusunod:

> "SEK. 11. *Pensiyon ng Naulilang Asawa.* - Ang naulilang asawa ng isang beterano gaya nang binibigyang-katuturan sa Seksiyon 2(a) ng Batas na ito ay babayaran, anuman ang kanyang edad, ng pensiyong Limang libong piso (P5,000.00) buwan-buwan hanggang sa siya'y mag-asawang muli o sumakabilang buhay, maliban kung siya ay aktuwal na tumatanggap ng katulad na pensiyon para sa kaparehong dahilan mula sa ibang pondo ng Pamahalaan ng Pilipinas. Ang pensiyong ito ay hiwalay at iba sa pensiyon sa Pagkamatay na ipinagkakaloob sa ilalim ng Seksiyon 12 ng Batas na ito."

SEK. 5. *Laang-gugulin.* – Ang pondo sa pagpapatupad ng Batas na ito ay isasama sa taunang Batas sa Panlahat na Laang-gugulin.

SEK. 6. *Sugnay na Nagpapawalang-bisa.* – Lahat ng batas, dekreto, kautusan, tuntunin at regulasyon o iba pang pahayag o bahagi na hindi umaayon sa mga tadhana ng Batas na ito ay pinawawalang-bisa o binabago.

SEK. 7. *Sugnay na Nagbubukod* – Kung ang alinmang bahagi o tadhana ng Batas na ito ay idineklarang labag sa saligang-batas, ang natitirang bahagi ng Batas na ito o alinmang tadhana na hindi naapektuhan ay mananatiling ipinatutupad at may bisa.

SEK. 8. *Pagkakabisa.* – Ang batas na ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw kasunod ng kumpletong publikasyon nito sa *Official Gazette* o sa isang pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon sa Pili[pinas.

Pinagtibay,

PROSPERO C. NOGRALES
Speaker of the House of Representatives

MANNY VILLAR
President of the Senate

This Act which is a consolidation of Senate Bill No. 1659 and House Bill No. 3323 was finally passed by the Senate and the House of Representatives on March 12, 2008.

MARILYN B. BARUA-YAP
Secretary General
House of Representatives

EMMA LIRIO-REYES
Secretary of the Senate

Approved: April 9, 2008.

GLORIA MACAPAGAL-ARROYO
President of the Philippines

O